

# Morpholohikal na Pagsusuri sa Wikang Ceb-Waray

Asia Pacific Journal of  
Management and Sustainable  
Development  
Vol. 9 No. 1, 50-57  
March 2021

Jennifer A. Gorumba

Palompon Institute of Technology, Philippines

jennifer.gorumba@yahoo.com

Date Received: October 17, 2020; Date Revised: January 13, 2021

**Abstract** –*Cebuano and Waray are two languages used in Region 8. It is the intention of the researcher to study and assess the affixes used if it causes any changes in the meaning of the root word. The two languages were examined in the premise of the Tagalog language. This study also determined the affixes used in forming nouns, adjectives and verbs. The descriptive research design was utilized in analyzing the morphemes or affixes and a survey questionnaire was used in collecting the data. The translation is not covered in this study. Two locales were identified in this study, Tacloban and Palompon where Waray and Cebuano are used respectively. The result of the study found out that there is approximately the same meaning in the root word with affixes in Tagalog, Waray and Cebuano, except for those affixes where morphemes is added, deleted and changed, such for example with noun affixes: mag-(sasaka) become parag-(uma) in Waray. The word tag (lamig becomes ting(tanom) and kat(sirak) in Waray. For adjective affixes the Tagalog word ma(yaman) becomes ka(datu) and ka (riko) in Cebuano and Waray. Pala(sulat) and pala(hubog) are both used in Tagalog and Cebuano, while these become para(surat) in Waray. For verb affixes, the affix um(inom) become mi(inum) in Cebuano. It is recommended that there should be a comparative assessment of the different languages in the country using the part of speech in order to develop a textbook/course book which represents the region and may be used in teaching MTB-MLE.*

**Keywords** - *morpema, panlapi, salitang ugat, Tagalog-Cebuano-Waray*

## INTRODUKSYON

Ang wika ay instrumento ng komunikasyon. Kaya masasabing mahalagang biyaya ito na tinantanggap ng sangkatauhan. Napapalawak ng mga isyung sumasakop sa pag-aaral at pagpapaunlad sa wika [1]. Dahil din sa wika, ito ang pangunahing instrumento ng komunikasyon sa lipunan. Upang ang mamamayan ay nagkakabuklod-buklod, naipahahayag ang damdamin, layunin at mga adhikain sa buhay.

Sa aklat na “Wika sa Lipunang Pilipino”, ang resulta ng pag-aaral na ginawa ni Dr. Ernesto Constanino kaugnay sa mga wika ng mga Pilipino ay nagsabing ito ay may humigit kumulang kinabibilangan ng apat na raang dayalek ng mga Pilipino. Inilarawan din niya ang mga katangiang ng mga wikang ito at ang mga gamit nila sa pakikipagtalastasan ng mga Pilipino sa isa’t isa. Halos, magkakatulad ang mga wikang ito sa morpolohiya at sintaksis kaya maaaring magkaroon ng isang unibersal na grammar at isang unibersal na diksyunaryo para sa lahat ng wikang ito [2].

Ang Pilipinas ay magkahiwa-hiwalay na pulo hindi maiiwasan kahit na kasama sa rehiyon ay may iba’t ibang varayti at may pagkakaiba ng mga termino

at salita. Kaya nagkaroon ng partikular na katawagan ang wikang ginagamit ng mga tao na bumubuo sa rehiyon [3].

Ang Leyte ay may dalawang wikang ginagamit, ang Waray at Cebuano. Ang dalawang wika ay maaaring magkaiba o magkatulad ang kahulugan ng salita dahil sa intonasyon, pagdadagdag at pagkakaltas ng mga ponema at gayun din sa mga panlaping ginagamit. Samaktuwid, maaaring nagkakaiba-iba dahil sa ponema at morpolohiyang ginamit.

Ang morpolohiya ay ang pag-aaral ng mga morpema ng isang wika at pagsama-sama ng mga ito upang makabuo ng salita. Anupa’t kung ang ponolohiya at tungkol sa pag-aaral ng set ng mga tunog na bumubuo ng mga salita sa isang wika, ang morpolohiya ay ang pag-aaral sa pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng iba’t ibang morpema [4].

Ang isang salitang-ugat naman ay mga salitang nagtataglay ng kahulugan kahit hindi nilalapian. Ang mga morpemang panlapi ay ikinakabit sa salitang-ugat na may kahulugang taglay at matatawag ding dimalayang morpema dahil hindi nakakatayong mag-isa [5].

Sa mga pagsusuri ng morpemang makangalan, makauri at makadiwa sa tatlong wika, ang wikang Tagalog bilang lunsaran, Cebuano at Waray ay maaaring makakitaan ng pagkakiba ng panlaping ginamit pero maaaring nanatili pa rin ang kahulugan ng mga salita.

Gaya halimbawa sa pagsusuri ng mga panlaping Sinugbuanong Binisaya. Upang makatutulong sa pagkatuto ng wika at matutuhan kung paano ito gagamitin sa tiyak na komunikasyon. Ito ay makatutulong sa pagbuo ng tuntunin kung kailangan at anong angkop na mga panlaping gagamitin [6].

Natuklasan sa isang pag-aaral, "Study of the affixes and morphophonetic changes in Itawit noun and adjectives," na ang wikang Itawit ay gumagamit ng iba't ibang panlapi sa pagbuo ng salita na katulad ng ibang wika sa mundo. Bawat panlapi ay may kahulugan at kapag ito ay ikinakabit sa salitang ugat, isang bagong salita ang nabubuo at ang pagkakaroon ng kaalaman ng panlaping wikang Itawit ay nakatutulong sa pagkatuto ng wika na maaaring gamitin sa komunikasyon [7].

Ito rin ay pinatunayan sa pag-aaral, "A study of Affixes and morphophonemic changes in Maranao noun" ay ang ilan sa mga panlaping ginamit sa pangngalan ng Maranao ay hindi maaaring gamitin sa pagbubuo ng pang-uri. Hindi katulad ng karamihang wikain sa Pilipinas, walang magagawang pagbabago sa kahulugan ng mga salita ang stress. Ang kaalaman sa ortograpiyang Maranao ay makatutulong sa pagtukoy ng mga pagbabago ng mga tunog sa mga salitang Maranao [8].

Ang panlaping Cebuano ay natatangi sa pagkakabit dahil nababago ang kahulugan kahit pareho ang anyo ng panlaping ginagamit samantala ang ibang lenggwahe tulad ng Bengali, Marathi (Indo-Aryan), Tibetan, Newar (Tibeto-Burman) ay manatili ang kahulugan batay sa pagkakabit nito. Mas maraming panlapi ang ikinakabit sa Sinugbuanong Binisaya kaysa ibang dayuhang lenggwahe. Isinasaad sa pag-aaral ng di-native ispiker sa Sinugbuanong Binisaya ay kaibahan ng pagkakabit [9].

Gaya ng Wikang Cebuano at Waray ay may kakaibang paraan din sa pagkakabit ng mga panlaping makangalan, makauri at makadiwa. Kaya nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy kung alin sa mga paggamit ng mga panlapi ang maaaring magkakaiba ang posisyon o ang panlapi mismo ang naiiba. Isa rin sa naghimok para gawin ang pag-aaral na ito ay ang pagtugon sa batas RA 10533 na humihikayat na gamitin ang unang wika sa pagtuturo ng kinder hanggang ikatlong baitang ng Mother Tongue Based

Education. Hangad din ng mananaliksik na makatulong sa mga guro na magamit ang kalalabasan ng pag-aaral na ito. Bukod dito ay para mapahalagahan ang isang wika lalo na pagdating sa lokal dahil may mga maling konsepto kapag wika ng lalawigan ang pinag-uusapan.

### **Teorya ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay ginamit ang teoryang Istrukturalismo ni Ferdinand de Saussure, ito ay nakaugat sa paniniwalang ang kahulugan ay maaari lamang mapalitaw kapag ito ay tiningnan sa mas malawak na istruktura, ang istruktura ng wika. Ang kahulugan ay nakapaloob sa sistema ng wika (ang tinatawag na langue) na nakadepende naman sa aktwal na sinasabi o binigkas (ang parole).

Unang binuksan ang ganitong pananaw ng linguista na si Ferdinand de Saussure. Inimbento niya ang konsepto ng pagiging arbitrary ng kahulugan ng salita, na walang isang salita na nakatatayo na mayroong kahulugan. Ang kahulugan ay malilikha lamang sa relasyon ng salitang ito sa iba pang salita kung saan ito ay napapabilang (meanings are relational). Nalilikha lamang kung ganoon ang kahulugan dahil sa pagkakaiba (difference) ng salita sa iba pang salita [10].

### **LAYUNIN NG PAG-AARAL**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang mga panlaping ginamit sa wikang Cebuano at wikang Waray. Tiniyak din sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod: mabigyan ng katumbas na kahulugan ang mga salitang-ugat at masuri kung may pagkakapareho ba ang pagkakabuo ng tatlong wika; maaanalisa at masuri ang paraan at ankop na paglalapi sa wikang Cebuano at wikang Waray; matutukoy ang mga panlaping ginagamit bilang: makangalan, makauri, at makadiwa; at makabuo ng lunsaran ng mga halimbawang salita mula sa dalawang wika, ang wikang Cebuano at wikang Waray na ginamitan ng morpemang makangalan, makauri at makadiwa.

### **METODOLOHIYA**

Deskriptibong paglalarawan ang desinyong ginamit sa pag-analisa sa mga panlaping ginamit bilang makangalan, makauri at makadiwa sa tatlong wika, ang wikang Tagalog na hinanguan ng orihinal na paglalapi, at sinuri naman ang mga panlaping ginamit sa wikang Cebuano at wikang Waray. Ang mga kalahok ay mula sa Sagkahan National High School, Tacloban City at Palompon Institute of Technology, Palompon, Leyte.

Gumamit ng talatanungan at ito ay nahati sa tatlong bahagi ang morpemang makangalan, makauri at makadiwa. Ang bawat bahagi ay nahahati sa tatlong hanay, ang unang hanay ay nakasulat sa wikang Tagalog na hinango mula sa mga sanggunian. Ang ikalawa at ikatlong hanay ay ang sinagutan ng mga mag-aaral. Ang mga sagot ng mga mag-aaral ay sinuri kung mayroon bang pagkakaipareho o pagkakaiba sa paggamit ng mga panlapi. Ang pagsasalin ay hindi saklaw ng pag-aaral. Ang talatanungan ay ginawa ng mananaliksik at binalida ng tatlong propesor sa Filipino.

**RESULTA AT PAGTATALAKAY**

Tatalakayin dito ang mga resulta ng pagsusuri ng mga panlaping ikinabit sa salitang-ugat mula sa tatlong wika, ang Tagalog, Cebuano at Waray. Makikita sa ibaba ang mga halimbawa ng salita-ugat mula sa wikang Tagalog at ang katumbas na salita sa Cebuano at Waray.

**Talahanayan 1. Salitang-ugat**

Wikang Tagalog	Wikang Cebuano	Wikang Waray
iyak	hilak	tuok
tulog	tug	turog
alis	lakaw	lakat
tayo	barug	tindog
galit	lagot	isog
sabi	ingon	yakan
dami	daghan	damo
ganda	gwapa	husay
halik	hawok	harok
kain	kaon	kaon
tapon	labay	labug
itim	itom	itom
lakad	lakaw	lakat
payat	niwang	gasa
ingay	saba	aringasa
laba	laba	laba

Ang mga salitang nakatala sa itaas ay ilan lamang sa mga salitang ginagamit sa araw-araw na pakikipagkomunikasyon. Ang mga salita sa tatlong hanay ay nakasulat sa salitang-ugat. Sinadya ng mananaliksik na tumbasan ang mga salita sa unang hanay para malaman kung may pagkakaipareho ba ang pagkagamit ng tatlong wika. Halimbawa **lakad-lakaw-lakat; laba-laba-laba; tapon-labay-labog; kain-kaon-kaon; itim-itom-itom;** ganoon pa rin ang pardon o *pattern* ng mga salitang nakahanay. Mapapansin na may mga salitan-ugat tulad ng *itim-*

*itom-itom; kain-kaon-kaon,* na halos magkakatulad talaga at ang ponema lang nagbabago, ang Tagalog ay may ponemang /i/ samantalang sa Cebuano at Waray ay may ponemang /o/. Samantala ang mga salitang **lakad-lakaw-lakat** ay nagkakaiba lang sa huling ponema, /d/, /w/, at /t/. Ang salitang laba naman ay parehong ginagamit ng tatlong wika. May ilan ding mga salitang Cebuano at Waray na halos magkakatulad din gaya ng **hawok** at **harok; labay** at **labog;** nagkakaiba lang din sa ponemang ginagamit gaya ng ponemang /w/ sa Cebuano ay naging ponemang /r/ sa Waray at ang ponemang /y/ at ponemang /g/. May pagkakaiba din ng ponema gaya ng tug at turog, kinaltasan ng isang ponema ang salitang Cebuano. Kaya masasabi, na ang tatlong wika may mga salitang magkakaiba ang kahulugan kaya hindi ito mahirap pag-aralan ng mga *di-native* na speaker.

**Morpemang Makangalan**

Ang mga salitang makangalan na sinuri ay batay sa morpema at ang kahulugan nito ay nakabase sa kung paano gagamitin. Makikita sa talahanayan 2 ang mga morpema at kahulugan at mga halimbawa ng makangalan

**Talahanayan 2. Morpemang Makangalan-Makangan-Makapulongngaran**

**A. Panlaping ka-**

Wikang Tagalog	Wikang Cebuano	Wikang Waray
<b>ka-nangangahulugan itong karelasyon</b>	ka-nangangahulugan itong karelasyon	ka-nangangahulugan itong karelasyon
katulong	katabang	kabulig
kalaro	kaduwa	kamulay
kapamilya	kapamilya	kapamilya
kasama	kauban	kaupod
kanayon	kadugo	kaurupod
	kabaranggay	kabaranggay

**B. Panlaping ka- -an/han**

Wikang Tagalog	Wikang Cebuano	Wikang Waray
<b>ka- -an/han ay nangangahulugan ng kaisipang abstrakto, pook</b>	ka- -an/han ay nangangahulugan ng kaisipang abstrakto, pook	ka- -an/han ay nangangahulugan ng kaisipang abstrakto, pook
karangalan	kabasakan	kahumayan
kagandahan	kahimayaan	kahimayaan
karagatan	kadagatan	kadagatan
kaligayahan	kalipayan	kabukiran
kaisipan	katubigan	katubigan
kaharian	kamaisan	kamaisan
	kawanangan	kalipayan

**C. Panlaping mag- + inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat/ parag-**

Wikang Tagalog	Wikang Cebuano	Wikang Waray	
<b>mag- + pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat, ito ay nangangahulugan ng gawain o hanapbuhay</b>	mag- + pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat, ito ay nangangahulugan ng gawain o hanapbuhay	mag- + pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat, ito ay nangangahulugan ng gawain o hanapbuhay	parag-nangangahulugan ding hanapbuhay o gawain
magsasaka magtataho mag-mamais mag-aasin	mag-uuma magtatanom magtutudlo magtataho magkakarne magsisibya	mag-uuma magdadaro magtutudlo magtataho	parag-uma parag-isda paragbasura parag-alog paragtuba paragtinda parag-asin
<b>mag-Nagsasaad din ng relasyong tumutukoy sa salitang-ugat</b>	mag-Nagsasaad din ng relasyong tumutukoy sa salitang-ugat	mag-Nagsasaad din ng relasyong tumutukoy sa salitang-ugat	
mag-ina magkapatid mag-ama magpinsan	mag-mama mag-igsoon magbayaw mag-ama mag-agaw	magnanay magbugto magtatay magpatud mag-urupod	

**D. Panlaping tag- / ting- kat-**

Wikang Filipino	Wikang Cebuano	Wikang Waray	
<b>tag-Nagsasaad ng panahon</b>	ting-Nagsasaad ng panahon	kat-Nagsasaad ng panahon	ting-Nagsasaad ng panahon
tagtuyot tag-init taglamig tag-ulan tagsibol taglagas tag-araw	ting-init tingtugnaw ting-uwan tinghuwaw tingbagyo tingnanom	katsirak kat-uran katbunga katlaya katbagyo	ting-init ting-hagkot tingtanom

Ipinakita sa talahanayan 2 na karamihan sa panlaping ginamit mula sa wikang Tagalog ay may pagkakapareho tulad ng panlaping *ka-* na nangangahulugang karelasyon, ang panlaping *ka- at – an* na nangangahulugang kaisipang abstrakto o pook. Ang *mag- + inuulit ang unang pantig ng salita* na nangangahulugang gawain o hanapbuhay ay pareho ring ginagamit kaya lang ang wikang Waray ay gumagamit din ng panlaping *parag-* bilang gawain o

hanapbuhay. Samantala ang panlaping *tag-* na nangangahulugan ng panahon ay nabago at ito ay naging *ting* sa wikang Cebuano at *kat-* at *ting-* sa wikang Waray. Nabago man ang panlaping ginamit pero ang kahulugan ay nananatili pa rin.

**Morpemang Makauri**

Ang morpemang makauri ay mga panlaping ikinakabit sa salitang-ugat upang makabuo ng mga pang-uri. Ipinapakita sa talahanayan 3 ang paghahanay ng mga salitang nasa morpemang makauri.

**Talahanayan 3. Morpemang Makauri-Makapungway-Makapulog ladawan**

**A. Panlaping ma- /ka-**

Wikang Filipino	Wikang Cebuano	Wikang Waray		
<b>ma-Nagsasad ng pagkakaroon na isinasaad ng salitang-ugat o pagiging marami</b>	ka-Nagsasad ng pagkakaroon na isinasaad ng salitang-ugat o pagiging marami	ka-Nagtatagla y o naglalarawan sa nararamdaman	ma-Nagsasad ng pagkakaron na isinasaad ng salitang-ugat o pagiging marami	ka-Nagsasad ng pagkakaroon na isinasaad ng salitang-ugat o pagiging marami
mabuti makisig mayaman	kaayo kadaghan kapait	kamingaw kaguol kahadlok	maupay mahusay matambo k	kaupay kahusay katambok
masipag makitid maganda matamis	kagwapa katam-is kakyaw kalisang kalipong	kapuol	matam-is mapait madamo	katam-is kapait kabuutan kamaldita

**B. Panlaping mala- / -on/hon-**

Wikang Filipino	Wikang Cebuano	Wikang Waray	
<b>mala-Nagpapakita ito ng pagiging katulad ng isinasaad ng salitang-ugat</b>	-on/-hon. Ito ay nagsasaad ng pagkakaroon ng isinasaad ng salitang-ugat upang maipakita ang katangiang higit pa sa karaniwang dami, laki, tindi at iba pa.	makuro/masuro / mapuro/mahuro . Nagpapakita ito ng pagiging katulad ng isinasaad ng salitang-ugat .	-on/-hon. Ito ay nagsasaad ng pagkakaroon ng isinasaad ng salitang-ugat upang maipakita ang katangiang higit pa sa karaniwang dami, laki, tindi at iba pa.

**B. (Cont) Panlaping mala- / -on/hon-**

Wikang Filipino	Wikang Cebuano	Wikang Waray	
malapalasyo	linginon	makurokabayo	Hinayon
malasibuyas	taason	masurusatanas	dagkuon
mala- impyerno	hilason	mapuropalasyo	baltukon
malamakopa	humuton	mahurohudiyo	
malakabayo	gwapahon		
malaporcelana	tambukon		
malarosas	gamayon		
	bahuon		
	humuton		
	dauton		
	suwangon		
	bukugon		
	hinayon		

**C. Panlaping pala-/ pala- / para-**

Wikang Filipino	Wikang Cebuano	Wikang Waray	
<b>pala-Nagsasaad ito ng katangiang palagi o pauli-ulit na ginagawa</b>	pala-/para- Nagsasaad ito ng katangiang palagi o pauli-ulit na ginagawa	para-Nagsasaad ito ng katangiang palagi o pauli-ulit na ginagawa	
palasulat	palauyab	parasumbong	parasurat
palabiro	palahubog	parahilak	para-intrimis
palangiti	palakaon	parakaon	parakaon
palaisip	palaaway	parautang	paratuok
palakain	palayaga	parayaga	paratawa
palaiyak	palabarkada		parasumat
palasumbong	palangisi		paralimpyo
palakaibigan	palatug-ana		

**D. Panlaping ma- -in/-hin / ma- -in/-on**

Wikang Filipino	Wikang Cebuano	Wikang Waray
<b>ma--in/-hin. Nangangahulugan ito ng pagtataglay sa mataas na antas ng isinasaad ng salitang-ugat</b>	ma- -in- -on. Nangangahulugan ito ng pagtataglay sa mataas na antas ng isinasaad ng salitang-ugat	ma- -on. Nangangahulugan ito ng pagtataglay sa mataas na antas ng isinasaad ng salitang-ugat
madasalin	matinabangon	mabuligon
maramdamin	matinahuron	mahuyon
matulungin	mapinanggaon	masuguton
masunurin	masinugtanon	madudahon
maawain	masinabtanon	maapun
		madumuton

Makikita sa talahanayan 3 ng makauri ang pagbabago ng panlaping ikinabit sa mga salitang ugat ng Wikang Cebuano at Wikang Waray pero nananatili at magkatimbang pa rin ang mga kahulugan.

Sa panlaping makauri na *ma-* sa wikang Tagalog ay nabago ito sa wikang Cebuano, ito ay naging *ka-* at at nananatiling *ma-* pa rin sa wikang Waray pero ang mga ito ay nagsasaad pa rin ng pagkakaroon na isinasaad ng salitang-ugat o pagiging marami. Samantala sa wikang Cebuano ay may mga mag-aaral na sumagot ng kaparehong panlapi na *ka-* pero ang kahulugan ay nagtataglay ng paglalarawan sa nararamdaman kagaya ng *kamingaw, kaguol at kahadlok*, kung susuriin ang mga salitang ito ay mapapansin ng nagtataglay pa rin ito ng pagkamayroon ng nararamdaman.

Mapapansin din sa unlaping *mala-* sa wikang Tagalog na nanganaghulugang nagpapakita ng pagiging katulad ng isinasaad ng salitang-ugat. Ang panlaping ito ay napalitan ng hulaping *-on/-hon* sa wikang Cebuano at wikang Waray na nanganaghulugang nagsasaad ng pagkakaroon ng isinasaad ng salitang-ugat upang maipakita ang katangiang higit pa sa karaniwang dami, laki, tindi at iba pa. halimbawa sa wikang Cebuano – *taason, linginon* at *niwangon*, sa wikang Waray naman ay *hinayon, dagkuon* at *baltukon*. Kung susuriin ang mga ito ay maaari pa ring magkatimbang ang mga ito dahil nagkakaroon pa rin ng pagtutulad. Mapapansin din sa wikang Waray gumamit ng mga unlaping *makuro-, masuro-, mapuro-* at *mahuro-* bilang panumbas sa unlaping *mala-* ng wikang Tagalog.

Sa unlaping *pala-* sa wikang Tagalog na ibig sabihin ay pag-uulit ng ginagawa ay walang pagkakaiba sa wikang Cebuano at wikang Waray maliban lamang sa ponemang /l/ ng panlaping *pala* ay napalitan ito ng ponemang /r/ sa wikang Cebuano at wikang Waray.

Sa pagsusuri naman sa panlaping *ma- -in/-hin* sa wikang Tagalog na ang ibig sabihin ay pagtataglay sa mataas na antas ng salitang-ugat, mapapansin na may mga pagbabago sa paggamit ng mga panlapi. Sa wikang Cebuano ay naging tatlo ang panlapi, ang unlaping *ma-*, gitlaping *-in-* at hulaping *-on* habang ang wikang Waray ay ang unlaping *ma-* at ang hulaping *-on*. Magkakaiba man ang panlaping ginamit pero ang kahulugan ng mga salitang-ugat na kinabitan ng panlapi ay nananatili pa rin ang kahulugan.

Sa kabuuan may pagkakaiba man ang mga panlaping ginamit sa tatlong wika ay magkatulad na magkatulad pa rin ang tuntunin at ang pagbuo sa morpemang makauri.

**Morpemang Makadiwa**

Ang morpemang makadiwa ay ang mga panlapi na ginagamit sa pagbuo ng mga pandiwa. Sa tulong ng

mga panlapi ay makabubuo ito ng mga salitang nag-aanyong pandiwa kapag kinakabitan ng mga panlapi. Ipinapakita sa talahanayan 4 ang paghahanay ng mga salitang nasa morpemang Makadiwa.

**Talahanayan 4. Morpemang Makadiwa-Mapunglihok-Makapuloggios**

**A. Panlaping –um, mi-**

Wikang Filipino	Wikang Cebuano	Wikang Waray
<b>-um. Ito ay maaaring unlapi o gitlapi ayon sa kung ano ang unang ponema ng salitang-ugat na nilalapan. Ito’y ginagamit sa pokus na tagaganap ng kilos</b>	mi- nasa posisyong inisyal. Ito ay ginagamit sa pokus na tagaganap ng kilos.	-um. Ito ay maaaring unlapi o gitlapi ayon sa kung ano ang unang ponema ng salitang-ugat na nilalapan. Ito’y ginagamit sa pokus na tagaganap ng kilos
lumikha	milakaw	lumakat
lumayas	miinom	lumayas
umalis	misayaw	uminom
uminom	midagan	dumalagan
lumiban	miambak	lumukso
lumaya	mikanta	bumaktas
tumakbo	milangoy	pumitik
lumakad	misiyagit	gumawas
lumangoy	misimba	umalog
lumundag	mihilak	kumanta

Ang unang talahanayan ay tumatalakay sa paggamit ng panlaping *um* sa wikang Tagalog, na nangangahulugang maaaring magamit bilang unlapi at gitlapi ayon sa kung ano ang unang ponema ng salitang-ugat na nilalapan. Ito’y ginagamit sa pokus na tagaganap ng kilos. Kung susuriin ang panlaping ginamit sa wikang Tagalog at wikang Waray ito ay magkapareho. Samantala kung ang wikang Cebuano naman ang susuriin sa paggamit ng panlapi, makikita na napalitan ito ng unlaping *mi-* halimbawa ang mga salitang *milangoy*, *miinom* at *milakaw* pero ang kahulugan ng paglalapi ay walang pagkakaiba.

Ang panlaping *mag-* ng wikang Tagalog ay ikinabit sa unahan ng salitang-ugat. Ginagamit din sa pokus na tagaganap at nagsasaad ng kilos. Ang wikang Cebuano at wikang Waray ay ginagamit din ang kaparehong panlapi na walang nababagong kahulugan kaya lang sa wikang Cebuano may mga mag-aaral na sumagot ng mga salitang may panlaping *mo-*, halimbawa nito ay *molakaw*, *mohilak*, *mosiyagit* atbp. na ang ibig sabihin ay nagsasaad ng kilos na panghinaharap o akmang gagawin ang isang bagay o

tagaganap ng kilos. Kung susuriin ang mga ito ay magkatimbang pa rin ang kahulugan sa paggamit ng panlaping mag- dahil ito ay nangangahulugan din ng akma o gagawin pa lamang ang kilos.

**B. Panlaping mag-, mo-**

Wikang Filipino	Wikang Cebuano	Wikang Waray
<b>mag- ito’y laging inilalagay sa unahan ng salitang-ugat. Ginagamit din sa pokus na tagaganap at nagsasaad ng kilos. Ito’y likas na pandiwang palipat</b>	mag- ito’y laging inilalagay sa unahan ng salitang-ugat. Ginagamit din sa pokus na tagaganap at nagsasaad ng kilos. Ito’y likas na pandiwang palipat	mo- Nagsasaad ng kilos na panghinaharap o akmang gagawin ang isang bagay o tagaganap ng kilos
maglaro	magduwa	molakaw
magsulat	magsuwat	mohilak
mag-araro	magguna	motabang
magsayaw	magdaro	mosiyagit
magbasa	magpas-an	mosuwat
maghakot	maghakot	mokanta
magbuhat	maglaba	mosimba
maglaba	magsukod	molakaw
		magmulay
		magsurat
		mag-arado
		magsukol
		mag-alsa
		magbunak
		maglimpyo
		magtutdo

**C. Panlaping magka-, maka-**

Wikang Filipino	Wikang Cebuano	Wikang Waray
<b>magka-Nagsasaad ng pagkakaroon ng isang bagay</b>	magka-Nagsasaad ng pagkakaroon ng isang bagay	maka-Nagsasaad ng pagkakaroon ng isang bagay
magkaroon	magkasapi	makasapi
magkasalapi	magkayuta	makayuta
magkalupa	magkaanak	makaanak
magkaginto	magkabalay	makabalay
magkabahay	magkaanak	makaanak
magkaanak		makauyab
		magkamay-ada
		magka-kwarta
		magkatuna
		magkabalawan
		magkabalay
		magka-anak

Ang panlaping *magka-* sa wikang Tagalog na nagsasaad ng pagkakaroon ng isang bagay gaya halimbawa ng magkasalapi. Ang panlaping ito ay ginagamit rin sa wikang Cebuano at wikang Waray pero may ilang mga mag-aaral na kinaltasan ang

panlaping *magka-* ng ponemang /g/ at ito ay naging maka- pero kung susuriin ang mga salita ay walang nagbago sa kahulugan ng panlapi, gaya halimbawa ng magkasapi ay nagiging makasapi at ang magkayuta ay nagiging makayuta.

**D. Panlaping magsi- / makig-**

Wikang Filipino	Wikang Cebuano	Wikang Waray
<b>magsi- Nasa anyong maramihan at nasa pokus tagaganap</b>	makig- Nagsasaad ng kilos na ginaganap na may kasama	makig- Nagsasaad ng kilos na ginaganap na may kasama
magsilaro	makighimamat	makigmulay
magsulat	makigduwa	makig-inom
magsilaba	makigsuroy	makigistorya
magsitulong	makigminyo	makigsayaw
masitayo	makiglumba	makighimangraw
magsikain	makig-uban	makig-upod
	makighimamat	

Ginamit din ang panlaping *magsi-* sa pagtukoy ng pandiwa sa wikang Tagalogna nasa anyong maramihan at nasa pokus tagaganap, halimbawa nito ay *magsilaro*, *magsitulog*, *magsilaba* atbp. Ang panlaping *makig-* ay ginamit naman sa wikang Cebuano at wikang Waray ito ay nagsasaad ng kilos na ginaganap na may kasama. Halimbawa nito sa wikang Cebuano ay *makigsuroy*, *makighimamat*, *makiglumba* atbp. Ang halimbawa naman sa wikang Waray ay *makighimangraw*, *makigmulay*, *makig-inom* atbp. Kung susuriin ang paggamit ng mga panlapi ay masasabing magkatimbang ang mga ito dahil ginagawa ito ng may kasama.

**E. Panlaping mag- -an/-han, mag- -in- -ay/-hay**

Wikang Filipino	Wikang Cebuano	Wikang Waray
<b>mag- -an/-han. Nagsasaad ng tambingang kilos ng sabayan</b>	mag-, -in-, -ay. Nagsasaad ito ng tambingang kilos ng sabayan	mag- -in- -ay/-hay. Nagsasaad ito ng tambingang kilos ng sabayan
maghiyawan	magpinatiray	mag-inistoyahay
magtakbuhan	maglinibakay	magkinaunay
magmurahan	magkinan-anay	magminulay
magsuyuan	magkinunitay	magkinantahay
magkainan	magsinabtanay	magsinayaway
magsubuan	magkinusiay	magkinubitay

Ang panlaping *mag- -an/-han* naman ng wikang Tagalog ay nagsasaad ng tambingang kilos. mapapansin na ang ginamit na panlapi sa wikang Cebuano at wikang Waray ay tatlo, ang unlapi, gitlapi at hulapi. Ito ay naging *mag- -in- -ay-* sa wikang Cebuano at *mag- -in- -ay/-hay* naman sa wikang Waray. Ang kahulugan ng mga nilapiang salita ay hindi taliwas sa pagpapakahulugan ng paggamit ng panlapi sa wikang Tagalog.

**KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Batay sa ginawang pagsusuri natuklasan na halos magkakahawig ang Wikang Tagalog, Wikang Cebuano at Wikang Waray sa mga tuntunin at sa pagkabit ng mga panlapi sa mga salitang-ugat, ngunit may mga panlaping naidagdag sa wikang Waray at wikang Cebuano, pero kung susuriin ang mga ito ay halos timbang ang kahulugan. Samakatuwid, kung ang kabuuan ng pag-aaral ang pag-uusapan, hindi mahirap pag-aralan ang tatlong wika sa paggamit ng morpemang panlapi.

Mula resulta ng pagsusuri, nabuo ang mga sumusunod: magkaroon pa ng mga pag-aaral sa ilang bahagi ng pananalita gamit ang iba pang dayalekto o di kaya’y pagyamanin pa ang wikang Waray dahil wala pang gaanong nag-aaral patungkol sa wikang ito. Inererekomenda rin na magkaroon ng hambingang pagsusuri sa mga wika sa bansa gamit ang bahagi ng pananalita nang sa gayo’y makabuo ng isang aklat na nagrerepresenta sa bawat rehiyon

Ang mga ginamit na mga salita o terminolohiya sa paglalapi sa tatlong wika ay maaaring gamiting lunsaran sa pagtuturo ng MTB-MLE at ituro rin sa mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino.

**REFERENS**

- [1] Arnila, A. K. A. (2013). *Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Quezon City: Wiseman’s Book Trading, Inc.
- [2] Rubin, L. T. (1992). *Wika Sa Lipunang Pilipino*. Quezon City: Rex Book Store.
- [3] Arrogante, J. A., Ballena, A., Garcia, L., Torreliza, M. (2009). *Sining ng Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Mandaluyong City: National Book Store.
- [4] Lachica, V. S. (1994). *Komunikasyon at Linggwistika*. Metro Manila: Rex Book Store .
- [5] Tanawan, D. S., Lartic, J. Nacin, A. (2007). *Istruktura ng Wikang Filipino*. Cabanatuan City: Jimcy Publishing House.
- [6] Bacalla, L. (2019). *Morpo-analisis ng Wikang Tagalog at Wikang Sugbuanun’g Binisaya: Pahambing na Pag-aaral*. *International Journal for Research Studies in Education*, 8(4). 55-56.

- [7] Oreiro, A. (2016). A study of Affixes and Morphophonemic Changes in Itawit Noun and Adjectives. (Master's thesis). Philippine Normal University, Manila, Philippines.
- [8] Martelino, J. I. (2016). A study of Affixes and Morphophonemic Changes in Nouns. Maranao. (Master's thesis). Philippine Normal University, Manila, Philippines.
- [9] Tanangkingsing, M. (2009). A Functional Grammar of Cebuano. Cebu City: University of San Carlos.
- [10] Austero, C. S., Mateo, E., Abueg, L., Suguran, T., Sitjar, S. (2008). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik (Binagong Edisyon). Pasig City: Unlad Publishing House

**COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).